



PAGPILI NG KARERA NG MGA MAG-AARAL: ISANG KUWALITATIBONG PAG-AARAL

Jessel A. Aniñon¹

¹ORCID No. 0009-0004-1806-7753

Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra19878>

DOI No: 10.36713/epra19878

ABSTRAK

Ang layunin ng multiple case na pag-aaral na ito ay upang galugarin ang mga karanasan, tuklasin ang mga mekanismo sa pagharap sa mga hamon at malaman ang mga pananaw sa mga naging karanasan ukol sa paglalakbay sa akademikong na pag-unlad ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino. Gamit ang purposive sampling at pamantayan sa pagpipili ng mga kalahok, natukoy ang tatlong kalahok na mag-aaral sa medyor sa Filipino na kasalukuyang nag-aaral tungo sa kanilang akademikong pag-unlad mula sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, ang lahat ng kalahok ay sumailalim sa masinsinang panayam. Ang mga resulta ay nagsiwalat sa mga katangian ng mga partisipante: pagkakaroon ng paninindigan sa desisyong ginagawa; pagiging matapang sa pagharap sa hamon at pagiging matiyaga. Samantala ang mga karanasan na nagtulak sa kanila na piliin ang kursong edukasyon medyor sa Filipino ay ang sumusunod: papel ng panlipunang karanasan sa pagpili ng kurso, karanasan sa loob ng klasrum, impluwensya at motibasyon ng guro sa pagtuturo. Samantala, bilang tugon sa mga hamon na kanilang naranasan, itinuturing nilang mahalaga ang mga sumusunod na mekanismo sa pagharap ng mga hamon: pangunahing tema ang umusbong: katatagan at pagpapatuloy sa kabila ng hamon, estratehikong pamamahala ng oras, mga pinagkukunan ng suporta sa kabila ng hamon. Gayundin, ang kanilang payo sa pagkakaroon ng matatag na pundasyon ng mga mag-aaral sa pagpili ng karera: payo sa mag-aaral na gagawa ng desisyon sa pagpili ng kurso, payo sa kagawaran ng edukasyon, payo sa mga guro. PP

MGA SUSING SALITA: pagpili ng karera ng mga mag-aaral, multiple case approach, kuwalitatibong pag-aaral

INTRODUKSYON

Maraming mag-aaral sa sekondarya ang napipilitang pumili ng landas sa karera sa maagang yugto ng edukasyon. Sa ilang paaralan, ang sistemang ito ay nagsisimula sa ikapitong baitang pa lamang. Bilang resulta, ang mga mag-aaral ay madalas na gumagawa ng mabilisang desisyon sa pagpili ng kanilang karera na siyang napagtutuhan ng kanilang pansin. Ang pagpapakilala sa *Career Clusters* ay may layuning makatulong sa proseso ng pagpili ng mga mag-aaral, kung saan nararamdam ng mga mag-aaral ang pangangailangang pumili at pagtuonang ang isang espesyalisadong pag-aaral. Subalit, ang mabilisang pagdedesisyon ay madalas na nagreresulta sa pagbabago ng landas ng karera ng mga mag-aaral kapag napagtantong ang kanilang unang desisyon ay hindi nakaayon sa kanilang tunay na personalidad (Atkins, 2019).

Sa Estados Unidos, mula sa taong 2009 hanggang 2019, may 5% na pagbaba sa kabuoang bilang ng mga mag-aaral na naka-enroll sa *postsecondary* na institusyon. Marami sa mga mag-aaral na nagpatuloy sa pag-aaral sa kolehiyo ang walang malinaw na layunin sa karera at nauuwi sa pag-drop out. Ito ang dahilan na nagreresulta sa Estados Unidos bilang may pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral na tumitigil sa pag-aaral sa kolehiyo sa mga industriyalisadong bansa. Lumabas sa pag-aaral na ang kawalan ng katiyakan ng mga *high school* na mag-aaral sa kanilang karera at akademikong mga angarap ay

nakakaapekto sa resulta sa kolehiyo. Ang kawalan ng katiyakan sa karera ay lumitaw bilang isang malaking salik sa pagpasok ng mga mag-aaral sa kolehiyo (Edwin at lse et al. 2022).

Samantala, sa Pilipinas sa lugar sa Maynila, kung itatanong mo sa mga mag-aaral sa isang unibersidad ang mga plano nito sa karera ay malimit na tugon nito ay hindi laging tuwiran o tila wala itong tiwala sa sarili. Ngunit madalas na itong itinuturing bilang normal. Isang malaking bilang ng mga mag-aaral ang nahaharap sa kawalan ng katiyakan pagdating sa kanilang pagpili ng karera sa buhay. Sa pag-aaral, malaking bilang ng mga mag-aaral ang nahaharap sa kalituhan pagdating sa pagpili ng karera. Ang emosyon at ang kakulangan sa pang-unawa ng proseso sa pagdedesisyon ay nag-aambag sa kawalan ng kakayahang mapanatili ang proseso ng pagpili ng angkop na propesyon para sa mga mag-aaral na nasa unang taon sa kolehiyo. Binigyang-diin ng pag-aaral na ang pag-aalala ay kaakibat ng walang kakayahan sa pagpili ng propesyon na lalong nagpapalala sa kawalan ng katiyakan (Hocson, 2021).

Samantala, ang pagpili ng karera ng mga mag-aaral ay naging paksa ng maraming pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral na nagtapos ng sekondarya ay hinaharap ang hamon sa pagpili ng kurso sa kolehiyo. Ang mga pag-aaral na kaugnay nito ay ang *Students' Perception on Choosing a Course, Factors influencing graduating college students' career choices, How to make big decisions: A cross-sectional study on the decision*



making process in life choices (Balindong, 2018; Savioni et al., 2022; Mercado et al., 2019).

Bukod dito, limitado lamang ang pag-aaral na tumutugon sa pagpili at karanasan ng mga mag-aaral sa loob ng kursong pinili kung kaya mahalagang pag-aralan ito upang maunawaan ang iba ibang kaso ng mga mag-aaral sa pagpili ng kurso at kung anong hamon ang kanilang nararanasan bilang resulta ng kanilang pagpapasy kung saan makatutulong ito sa pagbibigay ng pang-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral bilang resulta ng kanilang pagpili.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pagsusuri na may Multiple Case Study na dulong. Ito ay pagsusuri sa sistema sa totoong buhay na may tiyak na hangganan sa pamamagitan ng kumpleto at masusing pagkuha ng datos, na kinasasangkutan ng iba ibang pinagmulan ng impormasyon (Cresswell, 2013). Ito ay may layuning malaman ng lipunan at maunawaan ang karanasan sa iba ibang kaso ng mga mag-aaral base sa kanilang pagpili ng kurso at kung paano hinarap ang hamon na kanilang pinagdaanan bilang resulta ng kanilang pagpili. Ang napiling mga partisipante ay mga piling mag-aaral sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology.

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa tatlong kaso ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino kung saan kinilala bilang: walang pagpipilian, pinili ang kurso, at impluwensya ng ibang tao. Layunin ng pag-aaral na bigyang-diin ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagpili ng kurso sa pamamagitan ng pag-unawa sa penomenon at pagkuha ng bawat pananaw sa loob ng solong pag-aaral. Tunguhin din ng mananaliksik na magbigay ng pang-unawa sa mga positibo at negatibong epekto bilang resulta ng kanilang pagpili ng karera at makalahad ng impormasyon na makatutulong sa mga susunod na mag-aaral.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga natatanging katangian ng bawat kaso ng mag-aaral na kumuha ng kursong medyor sa Filipino?
2. Ano-ano ang mga karanasan na nagbigay-daan sa iyong pasya na tahakin ang larangan ng edukasyon lalo na sa kursong BSED Filipino??
3. Paano mo hinarap ang mga hamon na nararanasan sa loob ng kursong iyong pinili?
4. Ano ang iyong maibibigay na payo sa mga mag-aaral patungkol sa pagpili ng kanilang kurso sa kolehiyo?

METODO

Disenyo

Ang kuwalitatibong pananaliksik ay naglalayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga suliranin ng tao sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga karanasan, pananaw, at asal ng mga kalahok. Hindi tulad ng quantitative research, hindi ito gumagamit ng numerikal na datos kundi nagtuon sa mga *open-ended* na tanong na tumatalakay sa "paano" at "bakit" (Brannan, 2020). Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng maliit na bilang ng mga partisipante at hindi sumusukat ng mga baryabol o nag-eeksperimento.

Sa konteksto ng *multiple case study*, maaaring gamitin ang disenyo ng ito sa pagsusuri ng pagpili ng kurso ng mga mag-aaral na ang layunin ay maunawaan ang kanilang mga karanasan at paano nila nalampasan ang mga hamon sa pagpili ng kurso. Ang *multiple case study* ay nagsasangkot ng pagsusuri sa dalawa o higit pang mga kaso upang matukoy ang mga pagkakatatulad at pagkakaiba, at nagpapalakas ng kredibilidad ng mga natuklasan (Hunziker, 2021).

Mga Partisipante sa Pananaliksik

Ang pagpili ng 5 hanggang 25 kalahok sa isang qualitative research ay nakakatulong sa mananaliksik na magkaroon ng malapit na ugnayan sa kanila, na nagreresulta sa mas bukas at diretsong komunikasyon. Nililimitahan din nito ang posibilidad ng bias at tinitiyak ang validity ng pag-aaral. Dahil dito, pinili ng mananaliksik ang 14 na kalahok, nahahati sa dalawang grupo: 7 para sa in-depth interview at 7 para sa focus group discussion, para sa mas epektibong pakikipanayam (Creswell, 2013).

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Ang mananaliksik ay ginamit ang sumusunod ng hakbang sa pagkuha ng datos sa pananaliksik: unang hakbang ay ang pagkilala sa tatlong (3) partisipante na una (1) mag-aaral na walang pagpipilian, (2) mag-aaral na pinili ang kurso, (3) mag-aaral na naimpluwensyahan ng ibang tao. Napakahalaga ng pagpili ng naayon na pamamaraan ng pagsusuri ng mga datos kaya ay marapat na pag-aralan ito ng mananaliksik. Ang mga kalahok ay magmungkahing basahin at unawain ang liham pahintulot at kasunduan bago ito lagdaan upang tiyakin na ang kanilang partisipasyon sa pananaliksik ay boluntaryo at hindi sapilitan. Ang mga *form* na ito ay naglalaman ng mga kondisyon na nagtatakda na ang partisipasyon ng mga ng partisipante ay boluntaryo at may ka handaan na ibahagi ang kanilang kaalaman na kinakailangan sa tagumpay ng pag-aaral na ito.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binigyan ng oryentasyon, nagisimula ito sa isang introduksiyon kung saan ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng panayam, ang tagal ng oras, at ang kahalagahan ng pagiging kompidensyal. Ipinangako rin ng mananaliksik na ang mga partisipante na nagbahagi ng impormasyon ay nakatanggap ng mga benepisyo bilang kapalit ng kanilang kooperasyon sa pag-aaral. Bukod dito, parehong nakinabang sa pag-aaral ang mga partisipante at mananaliksik. Binigyan din ng pagkakataon ang mga partisipante na ibahagi ang kanilang mga karanasan, na mahalaga sa pagtatagumpay ng pag-aaral (Creswell, 2013).

Pag-aanalisa sa Datos

Bawat datos na nakalap ng mananaliksik ay sinuri at gamit ang Thematic Analysis, isang sistematikong pamamaraan na tumutok sa pagsusuri ng mga tema at nilalaman. Ang mga interpretasyon ng kalahok ay nakatulong sa pag-unawa ng kanilang mga pag-uugali at kaisipan.



Ang proseso ay may mga hakbang tulad ng pagbawas ng datos, pagpapakita, at paggawa ng konklusyon (Marks & Yardley, 2004).

Ang pagbawas ng datos ay nagpapasimple at nagpapamahala sa mga impormasyon (Creswell, 2003). Humungi ako ng tulong sa isang eksperto upang matiyak ang tamang pag-aayos ng mga datos.

Sa pagsasaayos, ang mga ideya at kaisipan mula sa kalahok ay pinag-isa upang magbuo ng mga konklusyon, gamit ang tamang pagsusuri ng mga ugnayan at bisa ng mga resulta (Miles & Huberman, 1994).

RESULTA

Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga natatanging katangian ng bawat kaso ng mag-aaral na kumuha ng kursong medyor sa Filipino?

Sa pagsagot sa mga tanong sa pananaliksik ay isinagawa ang malalim na pakikipanayam sa mga partisipante. Mayroong apat (4) na *sub-question* ang tinanong sa tatlong kalahok. Ito ay nakatutulong upang mapalawak ang konsepto na may kinalaman sa mga katangian na mapapansin o maisisiwalat ng mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology* (KCAST) na kabilang sa medyor sa Filipino, tungkol sa kanilang paglalakbay patungo sa kanilang akademikong tagumpay.

Ang mga pangunahing tema at pangunahing mga ideya para sa unang (1) pangunahing tanong sa pananaliksik ay ipinakita sa talahanayan 1. Mula sa mga sagot ng mga kalahok sa pananaliksik, lumitaw ang tatlong (3) pangunahing tema: Pagkakaroon ng Paninindigan sa Desisyong Ginagawa, Pagiging Matapang sa Pagharap sa Hamon, Pagiging Matiyaga.

Talahanayan 1

Ang mga natatanging katangian ng bawat kaso ng mag-aaral na kumuha ng kursong medyor sa Filipino

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Pagkakaroon ng Paninindigan sa Desisyong Ginagawa	- Sa loob ng kursong BSED Filipino ay hindi ito madali pero kung nandiyan kana sa sitwasyon kailangan mo itong ipagpatuloy at paninindigan ang iyong pasya dahil diyan ka inilagay. Basta ang mahalaga ay huwag susuko sa gitna ng mga paghihirap na iyong nararanasan." -IDI-03 - Ang mga mag-aaral sa kumuha ng kursong edukasyon sa medyor ng Filipino ay may mga katangiang: magalang, matapang, matalino at may paninindigan." -IDI-02
Pagiging Matapang sa Pagharap sa Hamon	Noong una ay nakakarinig ako ng mga mag-aaral na medyor sa Filipino na mahirap ang kursong ito kay may pag-aatubili ako sa kurso dahil sa sinasabi ng iba pero kalaunan ng proseso ay napagtanto ko na Totoong ito ay mahirap pero kung may motibasyon ka na matuto at magpatuloy ay makakaya mo talaga." -IDI-03
Pagiging Matiyaga	- Pagtitiyaga, pagsusumikap at pagpupunyagi na maisakatuparan ang lahat ng tatahaking karera. Kung wala kang pagtitiyaga sa iyong sarili at pagsusumikap hindi mo maaabot ang nais mo sa buhay kaya ginagawa ko ito. Magsumikap at magtiyaga sa kung ano man ang mga hamon sa iyong paligid ay kayanin mo dahil parte ito ng proseso sa pag-unlad na gusto mo, pagdating mo sa aktwal na pagtuturo. Siguro yung kalakasan ko is kung sino ako." -IDI-01 - Ang katangian o karakter na may malaking papel sa kaniya sa pagpili ng kurso ay ang sapat na tiwala sa kaniyang sarili at ang pagiging pursigido nito pati na ang pagtitiyaga sa kung ano man ang kinahaharap niya." -IDI-02

Pangalawang tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang mga karanasan na nagbigay-daan sa iyong pasya na tahakin ang larangan ng edukasyon lalo na sa kursong BSED Filipino?Paano napagtagumpayan ang mga hamon na kinaharap ng mga batang mamamahayag?

Sa pagsagot sa mga tanong sa pananaliksik ay isinagawa ang malalim na pakikipanayam o in-depth interview sa mga partisipante. Mayroong apat (4) na *sub-question* ang tinanong sa tatlong partisipante. Ang mga ito ay nakatutulong upang

mapalawak ang konsepto na may kinalaman sa mga karanasan at mga hamon na maisisiwalat ng mga mag-aaral ng *Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology* (KCAST) na kabilang sa medyor sa Filipino, tungkol sa kanilang paglalakbay patungo sa kanilang akademikong tagumpay.

Ang mga pangunahing tema at pangunahing mga ideya para sa ikalawang (2) pangunahing tanong sa pananaliksik ay ipinakita sa talahanayan 3. Mula sa mga sagot ng mga kalahok sa



pananaliksik sa katanungang ano-ano ang mga karanasan na nagbigay-daan sa pasya na tahakin ang larangan ng edukasyon lalo na sa kursong BSED Filipino, lumitaw ang tatlong (3)

pangunahing tema: *Papel ng Panlipunang Karanasan sa Pagpili ng Kurso, Karanasan sa Loob ng Klasrum, Impluwensya/ Motibasyon ng Guro sa Pagtuturo.*

Talahanayan 2

Ang mga Karanasan na Nagbigay-daan sa Pasya na Tahakin ang Larangan ng Edukasyon Lalo na sa Kursong BSED Filipino

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Papel ng Panlipunang Karanasan sa Pagpili ng Kurso	- So yung ang makita ko ang mga bata po na nagkukumahog na makapag-aral at matuto ngunit sa kasamaang palad po dahil po sa hirap siguro ng kanilang buhay, hindi ito nakapag-aral kaya, ito po yung nag-udyok po sa akin natulungan yung mga batang gustong matuto at makapunta po sa paaralan kung saan po ahh..mga guro po mismo yung kaagapay po na mag-aangat sa kanilang antas ng pamumuhay." -IDI-01 - Ang karanasan na nagbigay-daan sa kaniya upang mapagpasyahan na tahakin ang larangan ng edukasyon lalo na ang pagkuha sa kursong BSED Filipino ay ang kahirapan at pati na ang ... ang pagmamahal sa ating bayan na kung saan nais niyang bigyang kasagutan ang mga katanungan sa kaniyang isipan hinggil sa kasaysayan, pag-usbong, at pagpayabog."-IDI-02
Karanasan sa Loob ng Klasrum	Isa sa mga karanasan na nalaman ko tungkol sa kaniya ay ang dedikasyon niya sa mga proyekto at mga output. Makikita mo talaga kung gaano siya ka-focus, kahit sa kaniyang mga akademikong gawain sa loob ng paaralan. Dahil sa kaniyang mga tahimik na tagumpay sa akademiko at siguro dahil na rin sa mas minahal niya ang mga gawaing pampaaralan, nagkaroon siya ng lakas ng loob na ipagpatuloy ang edukasyon habang nagkakaroon ng pagkakataon na piliin ang kurso na gusto niyang gawin."-IDI-06
Impluwensya/ Motibasyon ng Guro sa Pagtuturo	Yung pagiging ganadong magturo ng mga guro na nakasunod talaga sa layunin nilang pukawin ahh.. pakilusin yung mga natutulog po na pang-unawa at pag-iisip po ng mga mag-aaral so, talagang ah nakapokus po sa ah pagtuturo ng guro no, kung ano yung mga itinuturo mismo kung malikhain ba yung pagtuturo ng guro siyempre ma in ma.. maanganyo ka talaga di ba so yun po."-IDI-01

Pangatlong tanong sa Pananaliksik 3: Paano mo hinarap ang mga hamon na naranasan sa loob ng kursong iyong pinili?

Ang mga pangunahing tema at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 3 ay ipinakita sa Talahanayan 3.

Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong (3) pangunahing tema ang umusbong: Katatagan at Pagpapatuloy sa Kabila ng Hamon, Estratehikong Pamamahala ng Oras, Mga pinagkukunan ng Suporta sa Kabila ng Hamon

Talahanayan 3

Pagharap sa mga hamon na naranasan sa loob ng kursong iyong pinili

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Katatagan at Pagpapatuloy sa Kabila ng Hamon	- Mas pinagtibay ko ang aking loob sapagkat alam ko na hindi mararating ang tagumpay kung hindi nasusubok ang iyong sarili sa mga hamon, kabiguan, at tsaka kalungkutan. So lahat ng ito ay bahagi sa buhay ng tao tungo sa pag-unlad." -IDI-01 - Nakikita ko siya na malakas kahit pagod na siya makikita mo sa kaniya na hindi biro yung ginagawa niya para sa pagkamit ng kaniyang pangarap." -IDI-02



Estratehikong Pamamahala ng Oras	• <i>Ang pinakamahalaga ay ang tamang pamamahala ng oras dahil marami talagang mga gawain para ito ay maorganisa ng maayos ang mga gawain at matapos ito upang hindi na umabot sa kahirapan sa pagtapos ng gawain.”-IDI-03</i> • <i>Siya ay may angking kasipagan siya na sagotin ng maaga ang kanyang mga activities sa mapansin nako sa iya kay dili siya gusto og ma late og buhat bisan unsa na oras tiwason jud niya.”-IDI-04</i>
Mga pinagkukunan ng Suporta sa Kabila ng Hamon	• <i>Ang aking mga magulang dahil gusto ko na ibalik sa kanila at mapatunayan sa kanila na kaya ko ang kursong ito.”-IDI-03</i> • <i>Nakikita kong nagsusumikap din siya upang matulungan ang magulang namin kapag nakapagtapos na siya.” -IDI-04</i>

Pangatlong tanong sa Pananaliksik 4: Ano ang iyong maibibigay na payo sa mga mag-aaral patungkol sa pagpili ng kanilang kurso sa kolehiyo?

Sa ilalim ng panayam sa mga kalahok ay ibinahagi nila ang kanilang mga payo sa iba’t ibang tao at organisasyon kung saan nagresulta ito ng pag-usbong ng mga pangunahing tema at pangunahing ideya para sa tanong sa pananaliksik bilang 4, ito

ay ipinakita sa Talahanayan 5. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong (3) pangunahing tema ang umusbong: Payo sa Mag-aaral na Gagawa ng Desisyon sa Pagpili ng Kurso, Payo sa Kagawaran ng Edukasyon, Payo sa mga Guro. Ang Talahanayan 5 ay nagpakita ng mga tema at pangunahing ideya ukol maibibigay na payo sa mga mag-aaral sa pagpili ng kurso sa kolehiy at maging sa pagpapaunlad sa sistema ng edukasyon lalo na sa pagpili ng kurso.

Talahanayan 4

Mga Payo sa mga mag-aaral, Kagawaran ng Edukasyon, at mga Guro patungkol sa pagpili ng kurso ?

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Payo sa Mag-aaral na Gagawa ng Desisyon sa Pagpili ng Kurso	• <i>Ang masasabi ko ay maging sigurado at may tiwala sa pagpili ng kursong Filipino bago pumasok sa larangang ito. Dapat na may sapat na kaalaman kung ano ang kurso na kanilang kinukuha at bakit nila ito kinukuha. Sa ganitong paraan, hindi nila pagsisisihan kung bakit sila pumasok sa kurso na ito. Umaasa ako na mayroon silang pangmatagalang layunin sa labas ng paaralan kaya magugustuhan nila ang larangan sa pangmatagalang panahon, kahit na sa hanapbuhay ng kanilang karera sa pagtuturo” -IDI-06</i> • <i>Sa mga mag-aaral na nagnanais kumuha ng kursong Filipino, alam kong na sa tamang kurso kayo. Hayaan ang sarili na matamasa ang saya habang natututo dahil magbubunga din ito. Bukod dito, kung hindi niyo naman talaga pinili ang kurso huwag niyo nalang limitahan ang inyong sarili na maka-diskubre ng kaalaman sa Filipino and gawin ang makakaya dahil alam kong isa kayo sa magbibigay karangalan sa kursong ito. Taas noo na ibandera ang maging isang guro sa Filip” - IDI-03</i>
Mga payo sa Guro	• <i>Sikapin nilang ipalaganap ang dekalidad na pagkatuto upang mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang sariling kakayahan tsaka maging malikhain sila no sa iba’t ibang bagay at kapakipakinabang ang bawat araw na pagtuturo so dapat no na ah maisakatuparan ni teacher yung ahh.. dapat taglay niya yung pagiging malikhain no, sapagtuturo para mas kapakipakinabang din sa mga mag-aaral na amm.. naminaw sa ginatudlo ni teacher.” -IDI-01</i> • <i>Para sa nga guro, taas noo akong tumatanaw ng utang na loob sa taas ng pasenya sa pagtuturo patungkol sa Filipino dahil kahit ako mismo, batid ko ang hirap ngunit ginawa niyo itong madali upang mas maging epektibo ang pagtuturo.”-IDI-03</i>
Mga Payo sa Kagawaran ng Edukasyon	• <i>Sa kagawaran naman ng Edukasyon na pinapalawig pa ang antas ng edukasyon partikular na sa kursong Filipino. Ito’y nagdudulot ng mabuting resulta sa mga mag-aaral na maingganyo upang mapalawak pa ang kaalaman at nagbibigay ng mga alituntunin na magiging batayan upang piliin ang kursong ito. Dahil sa inyong mga gabay, batid kong marami pa ang magiging guro sa Filipino sa hinaharap.”-IDI-03</i> • <i>Mas palakasin pa ang mga programang nagsusulong ng kahandaan sa pagpili ng karera ng mga mag-aaral yun lang.”-IDI-02</i>



DISKUSYON

Mga natatanging katangian ng bawat kaso ng mag-aaral na kumuha ng kursong medyor sa Filipino. Matapos ang pagkolekta at pagsusuri ng mga datos, tiniyak ng mananaliksik na isama ang mga pananaw at proposisyon mula sa iba ibang mga awtor at eksperto na sumusuporta sa mga temang umusbong mula sa pagsusuri ng mga datos na batay sa sagot ng mga partisipante. Sa ganitong paraan ay nabigyan ng mas malalim at komprehensibong pananaw ang mga resulta ng pag-aaral. Ang mga sumunod na bahagi ay nagpapakita ng mga pangunahing tema na nakuha mula sa pagsusuri, pati na rin ang mga teorya at opinyon ng mga may-akda at dalubhasa na nagpapalawak at nagbibigay linaw sa mga natuklasang impormasyon. Ang sumusunod ay ang mga temang: pagkakaroon ng paninindigan sa desisyong ginagawa, pagiging matapang sa pagharap sa hamon, pagiging matiyaga.

Ang unang tema ay naglalantad na ang mga mag-aaral ng BSED Filipino ay may katangiang **pagkakaroon ng paninindigan sa desisyong ginagawa**. Bawat partisipante ay nagpapakita ng matibay na paninindigan sa kanilang mga pagpapasya hinggil sa pagpili ng kurso. Ang pagkakaroon ng matibay paninindigan ay mahalaga sapagkat nagsisilbing puwersa ito na humahatak upang magkaroon ng motibasyon at dedikasyon ang mga mag-aaral na magpatuloy sa kanilang piniling kurso. Ito rin ang nagiging pangunahing salik na nakatutulong upang magtagumpay sila sa kabila ng mga pagsubok at hamon na kanilang nararanasan. Kapag ang isang mag-aaral ay may malalim na pananaw at layunin sa kanilang piniling kurso ay nagiging mas maligaya at matagumpay sila sa pagharap sa mga akademikong pagsubok. Ang matibay na paninindigan ay nagiging gabay sa bawat hakbang patungo sa kanilang mga pangarap, kaya ay nagiging mas handa silang harapin ang mga hamon at pagtagumpayan ang mga ito nang may determinasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Christian (2019), ang paninindigan ay nagsisilbing pangunahing motibasyon para sa mga mag-aaral na magsikap at gawin ang kanilang makakaya sa bawat takdang-aralin at pagsusulit. Higit pa sa akademikong tagumpay, ito ay mahalaga sa pagpapalago ng karakter, disiplina, at kakayahan sa paggawa ng matalinong desisyon. Ang matibay na paninindigan ay nagbibigay ng malinaw na direksyon sa kanilang napiling karera at nagiging inspirasyon sa iba upang magsikap at magtagumpay.

Samantala, ang pag-unawa sa mga prinsipyo ay tumutulong upang mabawasan ang pagkabalisa sa paggawa ng pagpapasya at nagiging gabay sa mabilis at tamang desisyon. Sa mga pagkakataong kinahaharap ang paggawa ng malaking desisyon sa buhay ang pagsunod sa mga prinsipyo ay nagsisiguro na ang mga hakbang na gagawin ay alinsunod sa antas ng pagpapahalaga. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pananalig sa kanilang mga desisyon, dahil sa alam nilang ang kanilang mga aksyon ay hindi lamang batay sa pansamantalang emosyon kundi sa mga prinsipyo na magdudulot ng pangmatagalang benepisyo at tagumpay. Ang mga prinsipyo ay nagsisilbing gabay sa paghahanap ng tamang

landas, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng mabilis at maingat na pagpapasya (Brinks, 2022).

Dagdag pa, ang mga desisyon ay ginagawa araw-araw, mula sa simpleng pagpili ng sapatos hanggang sa mga makabuluhang desisyon ay madalas na nagbubunga ng mga pangmatagalang epekto, na binibigyang-diin ang kahalagahan ng isang estrukturadong proseso ng pagpapasya (Wooll, 2021).

Sa pangalawang tema ay lumitaw ang **pagiging matapang sa pagharap sa hamon**. Isiniwalat din ng mga kalahok ang kanilang katangian sa pagharap sa mga hamon habang nasa proseso sila ng pag-aaral upang makamit ang kanilang pangarap sa kabila ng mga pagsubok na kanilang nararanasan sa bawat aspekto. Isiniwalat nila na ang kanilang pagiging matapang sa pagharap sa hamon ay nagbibigay ng lakas at determinasyon upang malampasan ang mga balakid at makamit ang mga tagumpay. Ang tapang ay nagpapalakas ng kanilang loob na harapin ang mga pagsubok at hindi sumuko, na nagreresulta sa personal na pag-unlad.

Samantala, habang ang ilang tao ay mabilis na nakakabangon mula sa mga personal na pagkakamali at pagkawala, ang iba naman ay nahihirapang makabawi. Ang mga hindi inaasahang pagbabago sa sitwasyon ng buhay ay madalas na sumusubok sa ating katatagan. Ngunit ang mga problemang ito ay nagbibigay rin sa ng pagkakataong malampasan ang mga ito at bumalik nang mas malakas kaysa dati. Katulad nito, ang tibay ng isip ay ang kakayahang manatiling malakas sa harap ng kahirapan, manatiling nakatuon at determinado sa kabila ng mga hamong iyong hinaharap. Ang isang taong matibay ang isip ay tinitingnan ang mga hamon at pagsubok bilang mga pagkakataon kaysa mga banta, at sila ay may kumpiyansa sa sarili at positibong pananaw upang harapin ang anumang dumating sa kanilang daan (Ribeiro, 2019).

Bagaman, ang mga sitwasyon o kaganapang nangangailangan ng katatagan ay kadalasang napaka-hindi inaasahan, hindi planado, at walang nakatakdang organisasyon. Karaniwan, walang mga nakatakdang iskedyul o palatandaan na maaaring magbigay-babala sa iyo tungkol sa mga posibleng kaganapan sa hinaharap. Ang pandemya, siyempre, ang pinakabagong halimbawa kung paano pa rin ito nakaapekto sa atin sa politikal, panlipunan, akademiko, at pang-ekonomiyang aspeto. Nagbigay ito ng ilang natatanging pagkakataon para sa introspeksiyon, pagninilay, at pagtakda ng mga layunin (Marone, 2021).

Sa ikatlong tema ay lumitaw ang **pagiging matiyaga** nagbibigay-daan sa isang mag-aaral na patuloy na mag-aral at magsikap kahit pa may mga pagsubok at kahirapan. Sa bawat takdang-aralin, proyekto, at pagsusulit, ang matiyagang pag-aaral at pagtutok ay nagbubunga ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na marka. Ang pag-aaral ay hindi laging madali, ngunit ang pagkakaroon ng tiyaga ay nagtataguyod ng disiplina at determinasyon na kinakailangan upang malampasan ang anumang balakid. Sa pag-abot ng mga pangarap, ang pagtiyaga ay isang mahalagang sangkap. Ang mga taong matiyaga ay hindi madaling sumusuko; sa halip, ginagamit nila



ang mga karanasang ito bilang mga aral at hakbang patungo sa tagumpay. Ang pagkakaroon ng matiyagang disposisyon ay nagbibubunga ng pag-uulit at patuloy na pagsusumikap hanggang sa makamit ang minimithi.

Ang pagiging matiyaga at pagbibigay ng pagsisikap sa mga gawain ay maaaring hindi laging magdulot ng agarang kasiyahan. Sa huli ang pagbabago sa pag-uugali ay magdudulot ng mga tagumpay na kamangha-mangha. Hindi lamang nito tinutulungan ang isang tao na makamit ang mga layunin kung hindi nag-iwan din ito ng positibong impresyon sa ibang tao. Sa ganitong paraan, ang mga mahihirap na gawain ay nagiging kapaki-pakinabang. Anuman ang larangan ng kahusayan, interes, o gawain, ang patuloy na pagsusumikap at pagtupad sa mga layunin ay hindi mawawalan ng saysay. Nararapat din na matanggap ang angkop na pagkilala para sa mga pagsisikap. Ito ang benepisyo ng pagkakaroon ng kasipagan bilang isang katangian (Bergland, 2021).

Dagdag pa, ang pagtitiyaga sa pagharap sa mga hamon nang may tapang at katatagan ay nagpapakita ng kakayahang malampasan ang mga pagsubok nang may positibong pananaw at pananaw na nakatuon sa sariling pag-unlad. Ang mga indibidwal na dumadaan sa mga paghihirap ay kadalasang nakakamit ang mahahalagang katangian tulad ng tibay, determinasyon, positibong pananaw, at pagiging mapagpasalamat. Bukod dito, ang mga karanasang ito ay maaaring magdulot ng mas mataas na kumpiyansa sa sarili, malinaw na layunin, at patuloy na pag-unlad sa sarili (Pradeepa, 2023).

Sa huli, ay walang duda na ang kakayahang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok ay may malaking papel sa pangkalahatang tagumpay. Kapag dumating ang mga hamon ay ang pagtitiyaga ang nagiging pinakamalakas na kakampi ng isang tao. Hindi lamang ito tungkol sa pagpapatuloy sa landas kung ay tungkol din ito sa pagpapaunlad ng katatagan at pagtingin sa mga pagsubok bilang pagkakataon para sa pag-unlad. Taglay ng tao ang lakas upang malampasan ang anumang hadlang na darating sa kaniyang landas. Tandaan na ang daan patungo sa tagumpay ay hindi palaging madali ngunit sa pamamagitan ng pagpapalakas ng katatagan ay magiging handa ang tao na harapin ang pinakamahihihirap na sitwasyon. Kaya ay patuloy na magsikap ito man ay tila imposibleng malampasan. Sa huli, ang pagtitiyaga ay nagdudulot ng mga gantimpalang higit pa sa inaasahan. Walang mas dakilang tagumpay kaysa ang mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa pamamagitan ng hindi matitinag na determinasyon at katatagan (Forgeard, 2023)

Mga karanasan na nagbigay-daan sa iyong pasya na tahakin ang larangan ng edukasyon lalo na sa kursong BSED Filipino

Matapos kunin at pag-aralan ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok, lumantad na ang mga mag-aaral ng BSED Filipino ay may iba ibang karanasan nanakaapekto sa kanilang pagpili ng karera. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, umusbong ang tatlong (3) pangunahing tema: papel ng panlipunang karanasan sa pagpili ng kurso, karanasan sa loob ng klasrum, impluwensya/ motibasyon ng guro sa pagtuturo.

Sa unang tema, lumitaw ang kahalagahan ng **panlipunang karanasan sa pagpili ng kurso**, na may malaking impluwensya sa mga desisyon at landas na tinatahak ng isang mag-aaral. Ang pamilya, bilang isa sa pinakamahalagang salik ay madalas nagbibigay ng payo at suporta sa mag-aaral. Kasama na rito ang mga magulang, kapatid, pati na rin ang mga kaibigan at kaklase na may malaking papel sa pagpapalawak ng pananaw. Ang mga karanasan sa komunidad pati na rin ang mga kultura at tradisyon ng pamilya maging ng komunidad ay may malaki rin na epekto sa pagpili ng kurso. Ang mga salik na ito ay nagiging gabay at nagsisilbing pundasyon sa mga pagpapasya ng mag-aaral patungkol sa kanilang akademikong landas.

Maraming pag-aaral ang nagpakita ng mahalagang impluwensya ng pamilya sa mga desisyon ukol sa pagpili ng kurso. Ang pagiging epektibo ng sarili at ang antas ng suporta o hadlang mula sa kapaligiran ay may hindi tuwirang epekto sa pagpili ng kurso dahil sa mga pagpapahalaga, saloobin, at suporta ng pamilya. Ayon sa mga natuklasan, ang self-efficacy kaugnay ng pagpili ng kurso ay positibong konektado sa pagkakaisa at kakayahang mag-adjust ng pamilya, kung saan ang kalagayan ng pagkabalisa ay nagsisilbing tagapamagitan sa ugnayang ito. Ang mga magulang ay nagsisilbing mahalagang modelo at impluwensya sa mga desisyon ukol sa kurso, at ang kanilang mga karera at exposure sa mga propesyong may kaugnayan sa pamilya ay maaaring magdulot ng malaking epekto sa pagpili ng kurso ng isang mag-aaral. Ang pamilya ay may malaking papel sa iba ibang aspeto ng pagpapasya sa kurso, kabilang ang mga paniniwala, suporta, exposure sa mga propesyon, at paggabay ng magulang (Singh, 2021).

Ang pangalawang temang umusbong ay ang **karanasan sa loob ng klasrum** kung saan may malaking impluwensya sa pagpili ng kurso ng isang mag-aaral sa kolehiyo. Ang pakikipag-ugnayan sa mga guro, lalo na kung sila ay may mahusay na paraan ng pagtuturo at may malasakit sa kanilang mga mag-aaral ay nagsisilbing inspirasyon para sa mga mag-aaral na piliin ang kurso na kaugnay sa kanilang asignatura. Ang mga guro ay hindi lamang nagtuturo kundi nagbibigay din ng *mentorship* at gabay na tumutulong sa mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang mga interes, kakayahan, at potensyal. Sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan at pagpapayo, ang mga guro ay nagiging mahalagang gabay sa paghubog ng mga desisyon ng mag-aaral pati na rin sa pagpapalawak ng kanilang pananaw sa mga posibleng landas na kanilang tatahakin sa hinaharap. Ang malalim na relasyon at koneksyon sa guro ay hindi lamang nakatutok sa akademikong aspekto kundi ito rin ay nagiging daan sa pagbuo ng tiwala at kumpiyansa ng mag-aaral sa kanilang sarili at sa kanilang pagpapasya sa pagpili ng kurso.

Samantala, maraming benepisyo para sa mga bata ang pagkakaroon ng positibong kapaligiran sa loob ng silid-aralan. Ang mas mataas na antas ng pakikilahok ng mag-aaral, pinahusay na pagganap sa akademiko, at mas positibong pananaw sa buhay ay ilan sa mga benepisyo nito. Ang isang



silid-aralan na kanais-nais sa pag-aaral na kung saan ang lahat ng mag-aaral ay malayang makapaghayag ng kanilang sarili at magtulungan sa kapwa kamag-aral ay isang silid-aralan na epektibong gumagana. Upang mabigyan ang kanilang mga mag-aaral ng pinakamainam na karanasan sa edukasyon kaya nararapat na panatilihin ng mga guro ng isang positibong kapaligiran sa silid-aralan (Yussif, 2022).

Ayon sa isang mahalagang pag-aaral mula sa Harvard, mas marami pang natutuhan ang mga mag-aaral kaysa sa kanilang inaasahan sa pamamagitan ng aktibong pamamaraan ng pagkatuto. Bagaman ay iniisip ng mga mag-aaral na mas marami silang natututuhan mula sa mahusay na mga tradisyonal na talakayan, natuklasan na sa mga aktibong kapaligiran ng pagkatuto ay mas epektibo at malalim ang kanilang natutuhan (Siliezar, 2021).

Sa loob ng paaralan ang magandang na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay mahalaga sa paglikha ng isang positibong kapaligiran sa pag-aaral. Kapag nararamdaman ng mga mag-aaral ang tunay na koneksyon sa kanilang mga guro, mas mataas ang kanilang motibasyon, kasiglahan, at pagsusumikap sa proseso ng pagkatuto. Bukod dito, ang positibong kapaligiran sa pag-aaral ay isang mahalagang salik sa bisa ng edukasyon at hindi lamang isang karagdagang aspekto. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa elementong ito ay maaaring makuha ang tunay na potensyal ng mga mag-aaral na hindi lamang makakamtan ang kaalaman kung hindi ay pati na ang kumpiyansa sa sarili, pagkamalikhain, at mga kasanayang sosyal-emosyonal na mahalaga para sa pangmatagalang tagumpay. Binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagpapalago ng positibong kapaligiran upang mapabuti ang parehong akademiko at personal na pag-unlad ng mga mag-aaral (Simpson, 2024).

Sa ikatlong tema ay ang **impluwensya/ motibasyon ng guro sa pagtuturo**,

ang impluwensya at motibasyon ng guro sa pagtuturo ay napakahalaga sa paghubog sa mga mag-aaral. Ang mga guro ay nagdudulot ng positibong epekto sa kanilang mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang sigasig, dedikasyon, at malasakit sa pagtuturo. Nagiging inspirasyon sila, sa kanilang pagpapakita ng kahusayan sa pagtuturo, at nagtataguyod ng positibong kapaligiran sa pag-aaral. Ang kanilang suporta at pag-unawa ay nagpapalakas ng kumpiyansa ng mag-aaral na nagiging mas bukas sa pagkatuto. Bukod dito, ang positibong pag-uugali ng mga guro ay nagiging modelo para sa mga mag-aara na sundan ang kanilang yapak.

Bilang higit pa sa tagapaghatid ng kaalaman ang mga guro ay nagsisilbing gabay na tumutulong sa kanilang mga mag-aaral na tuklasin ang kaalaman at mas malalim na maunawaan ang kanilang mga sarili. Sa pamamagitan ng kanilang natatanging kakayahan ay nakikita ng mga guro ang interes, kahinaan, at talento ng bawat mag-aaral kaya nagiging epektibo sila sa pagbibigay ng naayon na gabay. Dahil sa kanilang malalim na kaalaman at karanasan ay nakapagbibigay sila ng makatarungan at angkop na payo ukol sa karera na isinasaalang-alang ang mga natatanging katangian ng bawat mag-aaral. Ang pag-unawa sa

mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing responsibilidad ng mga guro kung saan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng suporta at pagpapanatili ng bukas na komunikasyon ay nakakamit nila ang mas malalim na pag-unawa sa mga layunin, pangarap, at kakayahan ng kanilang mga mag-aaral. Ang pagtanggap at pagpapahalaga sa bawat natatanging katangian ng mag-aaral ay isang susi sa pagbibigay ng epektibong payo at gabay sa karera (Gupta, 2024).

Gayunpaman, ang mga guro ay may napakahalagang papel bilang mga huwaran para sa mga mag-aaral na nagnanais maging guro. Ipinapakita ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng mga guro na nagsisilbing modelo ng mga katangiang nagpapalago sa propesyonal na pag-uugali at karakter ng kanilang mga mag-aaral. Tinitingala ng mga estudyante ang mga guro na may pagmamahal, empatiya, suporta, pagiging obhektibo, at may mahusay na pamamahala ng oras. Mahalaga rin na isulong ng mga guro ang pagbuo ng positibong karakter at propesyonalismo sa pamamagitan ng pagsasama ng edukasyon sa karakter sa kurikulum at sa araw-araw nilang interaksyon. Sa ganitong paraan ay nahuhubog nila ang susunod na henerasyon ng mga guro na may matibay na pundasyon ng tamang pagpapahalaga at kasanayan (Owa, 2023).

Gayunpaman, ang mga guro ay napakahalaga dahil nagsisilbi silang huwaran para sa mga mag-aaral na nagnanais maging guro. Ipinapakita ng mga pag-aaral ang kahalagahan ng mga guro na nagmomodelo ng mga katangian na nagpapahusay sa propesyonal na pag-uugali at pag-unlad ng karakter ng mga mag-aaral. Tinitingala ng mga estudyante ang mga guro na mayroong passion, empatiya, suporta, pagiging objektibo, at mahusay na pamamahala ng oras. Gayunpaman, maaaring epektibong gabayan ng mga guro ang mga mag-aaral tungo sa pagbuo ng mga positibong katangian ng karakter at propesyonal na katangian sa pamamagitan ng pagsasama ng edukasyon sa karakter sa kurikulum at pang-araw-araw na interaksyon. Sa huli, ito ay huhubog sa susunod na henerasyon ng mga tagapagturo (Owa, 2023).

Samakatuwid, ay may mahalagang papel bilang mga tagapayo para sa mga mag-aaral ang mga guro lalo na sa kanilang mga unang taon sa paaralan. Karaniwan na ang mga batang mag-aaral ay nagmamasid at ginagaya ang ugali at pamamaraan ng kanilang mga guro kung kaya ay ang gabay na ibinibigay ng mga guro ay may malaking epekto sa mga mag-aaral. Madalas na hinahanap ng mga mag-aaral ang payo at kanilang mga gabay na kung saan ay itinuturing nila itong seryoso. Bukod dito, ang mga senior guro ay nagsisilbing tagapayo rin para sa mga *junior* na guro kung saan ay nagbabahagi ito ng mga mahahalagang kaalaman at praktikal na karanasan mula sa kanilang mga taon ng pagtuturo (Seteliou, 2020).

Paano mo hinarap ang mga hamon na naranasan sa loob ng kursong iyong pinili. Matapos kunin at pag-aralan ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok, lumantad na ang mga mag-aaral ng BSED Filipino ay may iba ibang paraan sa pagharap sa hamon na kanilang nararanasan sa paglalakbay patungo sa akademikong pag-unlad. Mula sa mga sagot ng mga



kalahok, talong (3) pangunahing tema ang umusbong: Katatagan at Pagpapatuloy sa Kabila ng Hamon, Estratehikong Pamamahala ng Oras, Mga pinagkukunan ng Suporta sa Kabila ng Hamon. Sa unang tema ay umusbong ang **katatagan at pagpapatuloy sa kabila ng hamon**. Ang katatagan at pagpapatuloy sa kabila ng hamon ay mahalaga sa pagpapatuloy ng kurso dahil ito ay susi sa tagumpay sa akademikong larangan. Ang katatagan ay tumutulong sa mga estudyante na manatiling nakatuon at determinadong tapusin ang kanilang mga gawain sa kabila ng mga balakid. Ang pagpapatuloy ay nagpapalakas ng disiplina, na mahalaga sa pamamahala ng oras at pagtupad sa mga layunin. Ang pagtugon sa mga hamon ay nagpapalakas din ng kumpiyansa, na nagbibigay ng motibasyon para harapin ang susunod na pagsubok. Bukod dito, ang mga hamon ay nagiging pagkakataon para matuto ng mga bagong kasanayan na magagamit sa propesyonal na buhay. Sa kabuuan, ang katatagan at pagpapatuloy ay nagbibigay-daan sa mga estudyante na maabot ang kanilang mga layunin at magtagumpay sa kanilang kurso.

Ayon kay Linder (2024), na hindi kaagad lubos na nauunawaan ang kakayahan ng tao hanggang sa ito ay ay nahaharap sa mga pagsubok. Sa kabila ng mga problema sa pagsasalita, at mga hamon sa pagkatuto, nagawa niyang tapusin ang pagiging doctor at makamit ang iba ibang *scholarships*, matutong magsalita ng Spanish, at magtayo ng isang matagumpay na negosyo at marami pang iba. Sa katunayan, ang mga hamong ito ay hindi naging hadlang sa para sa pag-abot ng kaniyang tagumpay, Bagkos ay naging mitsa ng kaniyang mas malalim na dedikasyon at pagnanasa para magtagumpay. Binigyan niya ng diin na ang mga pagsubok ang dahilan ng kaniyang tagumpay.

Samantala, ang akademikong katatagan ay mahalaga, lalo na kapag nahaharap sa mga kahirapan at hadlang. Ang mga modelo ng akademikong katatagan ay nag-aalok ng mahahalagang pananaw sa pamamahala ng pananaliksik, pag-aayos ng mga kasunduan, at pagpapaunlad ng katatagan sa loob ng akademikong kapaligiran. Ang pagbuo ng isang mas masigasig at matatag na komunidad ng akademya ay nangangailangan ng edukasyon para sa mga estudyante at mga nagsisimulang lider sa akademya tungkol sa katatagan. Bukod dito, ang ideya ng akademikong katatagan ay nakakuha ng interes sa mas mataas na edukasyon, lalo na sa mga larangan ng sining at disenyo, kung saan ang katatagan ng mga estudyante ay higit na pinapalakas ng makabuluhang gawain at proseso ng paglikha. Sa pamamagitan ng aplikasyon ng parehong kontekstwal at indibidwal na mga salik na nagtataguyod ng katatagan, ang akademya ay maaaring umunlad, mapagtagumpayan ang mga balakid, at magtagumpay sa harap ng kahirapan (Kumar, 2022).

